here & now

# Ang Talinghaga ng Nakatagong Kayamanan at ng Mamahaling Perlas

**WEEK 3**

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na paglalaanan mo ng maraming oras, pera, at pagsisikap para mapasaiyo?
- Naramdaman mo na ba na mayroon kang binili o ipinagpalit at hindi naging patas para sa iyo ang naging palitan? Ikuwento ang nangyari.
- Ano ang isang bagay na iniingatan mo kahit pa sabihin ng iba na maliit lang ang halaga nito?

## WORD

*44 Sinabi pa ni Jesus, "Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nang mahukay ito ng isang tao, itinago niya itong muli. At sa tuwa niya'y umuwi siya at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian, at binili niya ang bukid na iyon. 45 Ang kaharian ng Diyos ay katulad din nito: May isang negosyante na naghahanap ng magagandang perlas. 46 Nang makatagpo siya ng isang mamahaling perlas, ipinagbili niya ang lahat ng kanyang ari-arian at binili ang perlas na iyon."* **MATEO 13:44–46**

Ang *kaharian ng Diyos* ay kaharian na pinamamahalaan ni Cristo, na darating sa lupa mula sa langit taglay ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos. Ang Iglesya ay isang maliit na bahagi lamang nito. Bagama't ito ay isang kaharian na pinananabikan natin bilang mga anak ng Diyos, ito rin ay umiiral na sa lupa sa kasalukuyan. Noong Siya ay narito sa lupa, maraming sinabi si Jesus na mga talinghaga tungkol sa kaharian ng langit. Mas maiintindihan natin ang kahalagahan ng kahariang ito sa pamamagitan ng talinghaga ng nakatagong kayamanan at mamahaling perlas.

## 1 Ang kaharian ng Diyos ay labis-labis ang halaga.

*Sinabi pa ni Jesus, "Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng kayamanang nakabaon sa isang bukid. Nang mahukay ito ng isang tao, itinago niya itong muli. At sa tuwa niya'y umuwi siya at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian, at binili niya ang bukid na iyon."* **MATEO 13:44**

Ikinuwento ni Jesus ang talinghaga ng nakatagong yaman upang isalarawan ang halaga ng kaharian ng langit. Ito ay walang katumbas. Dahil dito, ipinagbili ng lalaki ang lahat ng kanyang ari-arian upang makamtan ito. Paano mo nakilala ang Diyos, na nagpakita sa iyo ng kahalagahan ng pagkakaroon ng ugnayan sa Kanya? Paano inilarawan ng Mga Salmo 84:10 ang nararamdaman ng isang taong nakahanap ng ganitong kayamanan?

## 2 Itinuturing tayong mahalaga ng Hari.

*[45]"Ang kaharian ng Diyos ay katulad din nito: May isang negosyante na naghahanap ng magagandang perlas. [46]Nang makatagpo siya ng isang mamahaling perlas, ipinagbili niya ang lahat ng kanyang ari-arian at binili ang perlas na iyon."*

**MATEO 13:45,46**

Sa talinghagang ito, ang kaharian ng langit ay ihinalintulad sa isang negosyante. Tayo, na Kanyang mga anak, ang *mamahaling perlas*. Ang ating dakilang Diyos, ang Hari, ay labis tayong pinahahalagahan na ibinigay Niya ang Kanyang buhay upang makasama natin Siya. Paano tayo makatutugon ngayong alam natin kung ano ang halaga natin sa mata ng Diyos?

## APPLICATION

- Ang Diyos ay nakahihigit sa lahat, subalit para sa Kanya, labis ang ating halaga. Paano ka makatutugon sa dakilang pagmamahal na ito? Nagdesisyon ka na bang sumunod sa Kanya?
- Ano ang mga hakbang na kailangan mong gawin upang maipakita sa iba ang kahalagahan ng kaharian ng Diyos? Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon at ng karunungan upang maisagawa ang mga ito.
- Bilang isang taong nakatanggap ng dakilang pagmamahal ng Diyos, paano mo maipapakita ang pagmamahal na ito sa mga nasa paligid mo? Ano ang ilan sa mga maaari mong gawin upang maipaalam sa mga tao kung gaano sila kahalaga?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa dakilang pagmamahal Niya sa iyo. Pasalamatan Siya sa pagbigay Niya ng Kanyang buhay upang iligtas ka at bigyan ka ng ugnayan sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na ipaalala sa iyo araw-araw ang kahalagahan ng pagkakakilanlan mo sa Kanya. Ipanalangin na sa pamamagitan ng Kanyang kalakasan, maipahayag mo sa iba ang kanilang kahalagahan.
- Ipanalangin na mas lalo mo pang maunawaan ang kaharian ng langit araw-araw. Ipanalangin na makita rin ang iyong mga kaibigan at kamag-anak ang kahalagahan ng kaharian.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph